

**PATNUBAY SA KALAYAAN NG
“ASSOCIATION OF WORKER”
(ASOSASYON NG MGA
MANGGAGAWA) SA ASEAN**

Composed of 60 eminent judges and lawyers from all regions of the world, the International Commission of Jurists (ICJ) promotes and protects human rights through the Rule of Law, by using its unique legal expertise to develop and strengthen national and international justice systems. Established in 1952 and active on the five continents, the ICJ aims to ensure the progressive development and effective implementation of international human rights and international humanitarian law; secure the realization of civil, cultural, economic, political and social rights; safeguard the separation of powers; and guarantee the independence of the judiciary and legal profession.

® The Impact of COVID-19 on the Economic, Social and Cultural Rights of the Marginalized in Thailand - Briefing Paper

© Copyright International Commission of Jurists
Published in August 2021

The International Commission of Jurists (ICJ) permits free reproduction of extracts from any of its publications provided that due acknowledgment is given and a copy of the publication carrying the extract is sent to its headquarters at the following address:

International Commission of Jurists
P.O. Box 1740
Rue des Buis 3
CH 1211 Geneva 1
Switzerland
t: +41 22 979 38 00
f +41 22 979 38 01
www.icj.org

**PATNUBAY SA KALAYAAN NG
“ASSOCIATION OF WORKER”
(ASOSASYON NG MGA
MANGGAGAWA) SA ASEAN**

PATNUBAY SA KALAYAAN NG "ASSOCIATION OF WORKER"(ASOSASYON NG MGA MANGGAGAWA) SA ASEAN

Panimula

- Muling pagpapatibay na ang mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon, mapayapang pagpupulong, opinyon, pagpapahayag at impormasyon at mga karapatan sa pagka pribado, pakikilahok sa pulitika at trabaho ay protektado sa ilalim ng batas internasyonal ng karapatang pantao, kabilang ang sa pamamagitan ng *Universal Declaration of Human Rights*(Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Pantao),, *International Covenant on Civil and Political Rights*(Internasyonal na Kasunduan ukol sa Karapatang Sibil at Pulitikal), *International Covenant on Economic* (Internasyonal na Kasunduan pang-Ekonomiya), *Social and Cultural Right* (Karapatang Panlipunan at pang-Kultura) at iba pang mga instrumento;
- Pagpapaalala rin na ang "Vienna Declaration and Programme of Action" ay muling pinagtibay ang pagtataguyod at proteksyon ng mga karapatang pantao bilang priyoridad at ang "Declaration on Human Rights Defenders" ay muling pinagtibay din ang hindi maaring mawalang papel na ginagampanan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa pagsusulong ng mga karapatang pantao at mga espesyal na proteksyon na dapat magampanan ng mga estado, kabilang ang kanilang karapatan na bumuo ng mga asosasyon at "non-government" na mga organisasyon;
- Paggunita sa mga layunin ng mga prinsipyo ng ASEAN na nakasaad sa ASEAN Charter, kabilang ang paggalang at pagtataguyod ng mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan, mga prinsipyo ng demokrasya, ang "Rule of Law" at mabuting pamamahala;
- Paggunita na ang mga nagnenegosyo ay may responsibilidad na igalang ang mga karapatang pantao, alinsunod sa "UN Guiding Principles on Business and Human Rights" (Patnubay na prinsipyo ng UN sa Pagnenegosyo at karapatang pantao);
- Pagkilala sa malawak na pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga tao at komunidad sa rehiyon ng ASEAN sa mga alituntuning politikal, ekonomiya, legal, panlipunan, kultura, historikal at relihiyon;
- Pagkabahala sa pagsasagawa ng hindi nararapat na mga paghihigpit sa mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon, mapayapang pagpupulong, opinyon, pagpapahayag at impormasyon at mga karapatan sa pagka pribado, pakikilahok sa pulitika at trabaho ng magkasamang Estado at hindi Estado sa mga pisikal at online na espasyo;
- Pagkabahala sa mga partikular na hamon na kinakaharap ng mga tao mula sa "marginalized, disadvantaged" at "disenfranchised" na mga grupo,, kabilang ngunit hindi limitado ang mga manggagawang kababaihan at mga kabataan, mga naninilbihan sa bahay, migrante at refugee, LGBTI, may kapansanan at mula sa impormal na sektor, na maaaring humaharap sa mas malalaking balakid at diskriminasyon sa makabuluhang paggamit ng kanilang mga karapatan sa kalayaan sa asosasyon, mapayapang pagpupulong at sa kanilang magkakaugnay na mga karapatan;
- Pagpapatibay na ang parehong karapatan ng mga tao sa offline ay dapat ding maprotektahan online, kabilang ang karapatan sa kalayaan sa asosasyon at iba pang mga karapatan, at kasama nang paggamit ng mga bagong teknolohiya, kabilang ang "artificial intelligence", na labis na paghihigpitan sa karapatan sa kalayaan ng asosasyon at ang iba pang nauugnay dito; at
- Pagkamulat sa pangangailangang na magbigay ng patnubay sa mga Estado, negosyo, hurisdiksyon, abogado at/o "bar associations", mga "trade union"(unyon ng manggagawa) at "civil society" (lipunang sibil) ng mga hakbang na kinakailangan upang matiyak ang paggalang, proteksyon at pagtupad ng mga karapatang pantao ng walang diskriminasyon;

Mataimtim na pinagtibay ng mga lumagda ang Guidance on Freedom of Association of Workers (Patnubay sa Kalayaan ng Asosasyon ng mga Manggagawa) in (sa) the Association of Southeast Asian Nations-ASEAN (Asosasyon ng mga Bansa sa Timog Silangang Asya- ASEAN).

Mga Prinsipyo ng Patnubay

- “Human dignity” (dignidad ng tao), demokrasya at pandaigdigang karapatang pantao: Ang mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon, pagpupulong, opinyon, pagpapahayag at impormasyon at ang mga karapatan sa pagka pribado, pakikilahok sa pulitika at trabaho ay pangkalahatan, hindi mahahati, nagtutulungan at magkakaugnay. Ang mga karapatang ito ay susi sa pagsasakatuparan ng demokrasya, ang “Rule of Law” (Panuntunan ng Batas) at dignidad para sa lahat nasaan man, dahil ang mga ito ay paraan upang ipahayag at katawanin ng mga tao ang kanilang mga interes at bigyang-daan ang pagsasakatuparan ng iba pang karapatang pantao.
- “Rule of Law”: Ang “Rule of Law” ay mahalaga sa pagprotekta sa kalayaan ng asosasyon at, salungat, ang pulitikal at civic na partisipasyon ay mahalaga para palakasin ang “Rule of Law”, na hindi maaaring ipaubaya lamang sa mga partidong pampulitika at mga kinatawan ng gobyerno. Upang mapangalagaan ang “Rule of Law”, ang mga taong limitado at pinag higitan ng mga karapatang pantao ay dapat magkaroon ng karapatan sa malaya, patas at mahusay na hudisyal na paglilitis upang hamunin ang legalidad ng mga hakbang at/o ang kanilang pagsunod sa lokal at internasyonal na batas.
- Mga obligasyong dapat igalang, protektahan at tuparin: Ang mga estado ay may tungkulin na igalang, protektahan at tuparin ang paggamit ng mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon, mapayapang pagpupulong, opinyon, pagpapahayag at impormasyon at ang mga karapatan sa pagka pribado, pakikilahok sa pulitika at trabaho, na sumasaklaw sa mga karapatan ng lahat ng manggagawa na bumuo at sumali sa mga “trade union” at mga “labour association” (mga asosasyon ng manggagawa) at makibahagi sa kolektibong pakikipagkasundo at iba pang sama-samang aksyon, kabilang ang karapatang magprotesta at magwelga nang walang takot sa intimidasyon o paghihiganti.
- Walang diskriminasyon at pagkakapantay-pantay: Ang mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon, mapayapang pagpupulong, opinyon, pagpapahayag at impormasyon at ang mga karapatan sa pagka pribado, pakikilahok sa pulitika at trabaho ay dapat pantay-pantay na tinatamasa ng lahat ng walang diskriminasyon na batay sa lahi, kulay, pinagmulan, nasyon, lipunan o etnikong pinagmulan, wika, relihiyon, edad, uri ng trabaho, trabaho, lugar ng trabaho, negosyo o sektor, pagkamamamayan, nasyonalidad o katayuan ng migrante, kasarian, oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian, opinyong pampulitika o iba pang opinyon, kundisyon sa kalusugan, pagbubuntis, estadong marital, tungkuling pampamilya, pagiging magulang, estadong pangkalusugan, HIV status, pag-aari, “socio-economic”, kapanganakan o iba pang katayuan.
- Pantay na pagtanggap sa lahat ng mga manggagawa sa lahat ng mga “setting” (kapaligiran): Ang mga karapatang pantao at mga prinsipyong nakasaad sa dokumentong ito ay nalalapat sa lahat ng mga manggagawa sa lahat ng mga “setting”, kabilang ang mga manggagawa sa impormal na sektor, mga naninilbihan sa bahay, mga “self-employed”, manggagawa sa agrikultura, manggagawa sa “digital platform” at ang mga hindi binabayaran. Nalalapat ito sa lahat ng teritoryo at sektor ng aktibidad, kabilang ang mga nasa “export processing zones”, “special economic zones”, “frontier zones” at “cross-border working zones”.
- Mga obligasyong “extraterritorial” at kooperasyong internasyonal: Ang obligasyon ng Estado na igalang, protektahan at tuparin ang paggamit ng mga karapatang ito ay nalalapat sa mga sitwasyon sa loob ng mga “border” nito at “extraterritorial”, kabilang ang sa pamamagitan ng kooperasyong internasyonal, at partikular na sa mga sitwasyon kung saan ang isang Estado ay nagsasagawa ng epektibong kontrol o nasa isang posisyon upang magsagawa ng maimpluwensiyang pagpasya o gumawa ng mga hakbang upang maisakatuparan ang mga karapatan.
- Legalidad, pagiging lehitimo, pangangailangan at proporsyonalidad: Anumang mga paghihigpit sa mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon, mapayapang pagpupulong, opinyon, pagpapahayag at impormasyon at ang mga karapatan sa pagka pribado, pakikilahok sa pulitika at trabaho ay dapat na mahigpit na sumunod sa batas internasyonal ng karapatang pantao kabilang ang mga pamantayan nito. Walang mga paghihigpit ang maaaring ipataw maliban kung ang mga ito ay ipinataw sa paraang walang diskriminasyon at alinsunod sa prinsipyo ng legalidad, at kinakailangan at para sa mga layunin ng pambansang seguridad, kalusugan o moral, kaayusan ng publiko, o upang protektahan ang mga karapatan at kalayaan ng iba. Ang anumang mga paghihigpit na hakbang ay dapat na proporsyonal sa mga nabanggit.

- **Karapatan sa isang epektibong remedyo at reparasyon:** Ang sinumang tao na nag-aakusa ng paglabag o pang-aabuso sa kanilang mga karapatan ay dapat magkaroon ng “access” sa isang epektibong remedyo at reparasyon, kabilang ang sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga garantiya ng hindi pag-ulit, alinsunod sa batas internasyonal na karapatang pantao.
- **Responsibilidad ng korporasyon na igalang ang mga karapatang pantao: Alinsunod sa mga pamantayan ng batas internasyonal ng karapatang pantao, ang mga nagnenegosyo ay may pananagutang igalang ang mga karapatang pantao, at sa pamamagitan niyon ay pagtibayin ang mga epektibong hakbang at proseso, kabilang ang karapatang pantao na naaayon sa pagsisikap na saklawin ang aktwal at potensyal na epekto ng mga operasyong pangkarapatang pantao, at reparasyon sa mga pang-aabuso sa pamamagitan ng mga lehitimo at epektibong mekanismo ng “remediation”.**

Mga Kahulugan

Ang karapatan sa kalayaan sa asosasyon sa konteksto ng trabaho ay nangangahulugan, “*inter alia*”(bukod sa iba pa), ang karapatan ng sinumang tao na bumuo at sumali sa mga organisasyon na kanilang pinili para sa pagsulong at proteksyon ng kanilang mga interes ng walang naunang awtorisasyon o mga limitasyon maliban sa mga inatasan sa ilalim ng batas internasyonal. Ito ay isang pangunahing bahagi ng mismong karapatang magtrabaho, na protektado sa ilalim ng internasyonal na batas. Ang mga asosasyon ay may karapatan na buuin ang kanilang mga konstitusyon at mga alituntunin, na ihalal ang kanilang mga kinatawan nang may ganap na kalayaan, na ayusin ang kanilang administrasyon at mga aktibidad at bumalangkas ng kanilang mga programa upang isulong at ipagtanggol ang mga interes ng mga manggagawa. Ang karapatan sa sama-samang pakikipagkasundo, protesta at welga ng walang takot sa intimidasyon o paghihiganti ay isang aspeto na protektado ng karapatan sa kalayaan ng asosasyon.

Ang karapatan sa kalayaan ng mapayapang pagpupulong ay nagbibigay-daan sa mga indibidwal at asosasyon na ipahayag ang kanilang sarili nang sama-sama. Ang mga paghihigpit sa karapatan sa kalayaan sa pagpupulong, bilang isang indibidwal na karapatan na maaaring gamitin ng sama-sama, ay kadalasang nakakaapekto sa karapatan ng asosasyon, na nagpoprotekta sa sama-samang pagkilos. Ang karapatan ng mapayapang pagpupulong ay pumuprotekta sa mga hindi marahas na pagtitipon, at maaaring mapayapang gamitin sa parehong pribado at pampublikong mga lugar, sa pamamagitan ng iba’t ibang paraan parehas sa “offline” at “online”, kabilang ang mga demonstrasyon, protesta, pagpupulong, mga “sit-in”, o sa anumang iba pang piniling paraan bilang pagsunod sa batas internasyonal ng karapatang pantao.

Ang karapatan sa kalayaan ng opinyon, pagpapahayag at impormasyon ay isang kinakailangan at mahalagang bahagi ng mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon at pagpupulong kapag ang mga tao ay nagsasama-sama para magpahayag ng layunin. Kasama sa karapatan sa kalayaan sa pagpapahayag ang karapatang maghanap, tumanggap at magbigay ng impormasyon at ideya ng lahat ng uri anuman ang mga patutunguhan. Ang mga asosasyon ay may karapatan sa kalayaan sa pagpapahayag at opinyon sa pamamagitan ng kanilang mga layunin at aktibidad, bilang karagdagan sa karapatan ng mga indibidwal na miyembro ng mga asosasyon na ipahayag ang kanilang mga pananaw at opinyon.

Ang karapatan sa pakikilahok sa pulitika ay ang karapatan para sa lahat na makilahok sa pagsasagawa ng mga usaping pampubliko o pampulitika, direkta o sa pamamagitan ng malayang piniling mga kinatawan. Ito ay mahalaga sa pagpapalakas sa mga indibidwal at grupo at ito rin ay mahalaga sa pag-aalis ng “marginalization” at diskriminasyon, kasama na sa lugar ng trabaho.

Kasama sa karapatang magtrabaho ang karapatan ng bawat isa sa oportunidad na kumita ng kanilang ikabubuhay sa pamamagitan ng trabaho na malaya nilang pinipili o tinatanggap. Ang karapatang ito ay kapwang indibidwal at kolektibo. Kasama sa mga kolektibong dimensiyon nito ang karapatan ng lahat na bumuo at sumali sa mga asosasyon, kabilang ang “trade unions” na kanilang pinili gayundin ang karapatan ng “trade union” na malayang gumana. Ang isang mahalagang bahagi sa karapatang magtrabaho ay ang karapatan sa makatarungan at kanais-nais na mga kondisyon ng trabaho, kung saan ang karapatan sa kalayaan sa asosasyon ay napakahalagang ipaalam, panatilihin at ipagtanggol.

I. Patnubay para sa mga Estado ng Miyembro ng ASEAN

Ratipikasyon o Pagtanggap

- Pagtibayin at tanggapin ang lahat na mga napagkasunduan sa internasyonal na mga karapatang pantao na ginagarantiyahan ang mga karapatan sa kalayaan ng mapayapang pagpupulong at ng asosasyon, kalayaan sa pagpapahayag at karapatang magtrabaho, at pangunahing mga karapatan ng mga manggagawa, kabilang ang "International Covenant on Civil and Political Rights"; ang "International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights"; ang "Convention on the Rights of the Child"; ang "Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination against Women" ; at ang "International Convention on the Protection of the Rights of All Migrants Workers at Members of their Families"; pati na rin ang iba pang mga karapatan para sa mga manggagawa, kabilang ang "International Labor Organization's Conventions 87, 98 at 190". Ang lahat ng ito ay kinikilala na at tinukoy sa ASEAN Guidelines for Corporate Social Responsibility on Labour at pinagtibay ng ASEAN Senior Labour Officials Meeting, at ng ASEAN Consensus on the Protection and Promotion of the Rights of Migrant Workers.

Aplikasyon sa Batas at Kasanayan

Kalayaan sa Asosasyon

- Tiyakin sa batas at sa pagsasanay na ang bawat tao ay may karapatang bumuo at sumali sa mga asosasyon, kabilang ang mga "trade unions", sa paraang naayon sa prinsipyong walang diskriminasyon. Ang mga asosasyon ay may karapatan na matukoy ang kanilang mga layunin at aktibidad nang malaya, at pantay na lumahok sa mga pampubliko at pampulitikang gawain.
- Kung saan ang abiso o pagpaparehistro ay kinakailangan para sa mga layuning pang-administratibo, magtatag ng simple, patas, malinaw, naa-access at mabilis na mga pamamaraan at proseso para sa mga organisasyon ng mga manggagawa at ng kanilang mga aktibidad. Alisin ang malaki at labis na mga "requirement"na malinaw at naayong humahadlang sa mga proseso, tulad ng hindi kinakailangang "cumbersome financial" at "administrative requirements".
- Bigyan ng prayoridad ang biglaang paglipat ng mga manggagawa mula sa impormal tungo sa pormal na ekonomiya, sa batas at sa pagsasagawa, alinsunod sa "ILO Recommendation 204".
- Tanggalin ang tahasang pagbubukod ng mga batas ng manggagawa na itinataggi sa mga grupo ng mga nakararaming kababaihang manggagawa, kabilang ang mga naninilbihan sa bahay, manggagawa sa agrikultura at mga migranteng manggagawa, ang karapatan sa kalayaan ng asosasyon.
- Ang mga manggagawa sa mga "digital environments" ay dapat magtamasa ng parehong karapatan sa kalayaan ng asosasyon at iba pang mga karapatan ng mga manggagawa na mga nasa pisikal na kapaligiran. Ang pambansang batas ay hindi dapat gumawa ng mga pagkakaiba sa bagay na ito.
- Tiyakin na walang mga paghihigpit sa karapatan sa kalayaan ng asosasyon maliban sa iniuutos ng batas na kung saan kinakailangan at proporsyonal ito sa interes ng pambansang seguridad o kaayusan ng publiko, kalusugan ng publiko, moral o para sa pangangalaga ng mga karapatan at kalayaan ng iba.
- Ipagbabawal sa batas at sa pagsasagawa ang "gender-based" (batay sa kasarian) at iba pang karahasan, eksploytasyon kabilang ngunit hindi limitado sa sekswal at pananamantala sa kabataan, at "harassment" (panggugulo) sa trabaho ang lumikha ng isang ligtas at nakapagpapanganang kapaligiran para sa paggamit ng mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon at pag-organisa.
- Tiyakin na ang mga karapatan ng kalayaan sa asosasyon ay kinikilala sa batas at isinasagwa sa mga "special economic zones", at iba pang mga espesyal na itinalagang lugar na idinisenyo upang maisulong ang dayuhang pamumuhunan at kalakalan.
- Tiyakin na ang walang kinikilingan at patas na inspeksyon at iba pang mga "oversight mechanism" ay ganap na gumagana nang walang hadlang at hindi pinanghihimasukan, kabilang sa mga "special economic zones" at sa mga napag kasunduang pang ekonomiya ng mga "transnational actor" (aktor na transnational) na nagpapatakbo sa mga zone na iyon ay kumilala at gumagarantiya sa karapatan sa kalayaan sa asosasyon at iba pang mga kaugnay na karapatan.

Kalayaan sa Pagpupulong

- Tiyakin na ang paggamit ng karapatan ay hindi napasailalim sa nakaraang awtorisasyon ng mga awtoridad at nakahihigit sa paunang pamamaraan ng abiso ang layunin kung saan ay pinahihintulutan ang mga awtoridad na pagaanin ang paggamit ng karapatan sa pamamagitan ng paggawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang kaligtasan at kaayusan ng publiko at ang mga karapatan at kalayaan ng iba. Ang mga kinakailangan sa paunang pahintulot ay hindi pinapayagan sa ilalim ng internasyonal na batas at hindi dapat i-require sa lokal na batas.
- Iwasan ang “blanket time” at pagbabawal ng lokasyon at magbigay ng posibilidad ng iba pang hindi gaanong naka panghihimasok na mga paghihigpit. Ang pagbabawal ay dapat na isang sukatan lamang ng huling paraan at hindi dapat isagawa ng dahil sa takot sa “public disturbance” (pag-istorbo sa publiko).
- Siguraduhing ang mga pagpupulong ay pinapayagan ng walang anumang babayaran.
- Payagan at protektahan ang karapatan sa biglaang pagpulong, maaring maayos o hindi, kung saan ang mga nag organisa ay maaring hindi nakasunod sa anumang kinakailangang abiso, kabilang ang kadahilanang ito ay direktang pagtugon sa kasalukuyang kaganapan.
- Tiyakin na ang mapayapang mga pagpulong ay hindi dapat paghiwa-hiwalayin, hindi man ginalang ang mga pamamaraan ng pag-abiso, at ang mga parusang sibil o kriminal na nag reresulta sa mabibigat na multa o pagkabilanggo ay hindi maipataw dahil lamang sa kabiguan na sundin ang pag-abiso o mga katulad na kinakailangan sa administratibong pangangasiwa.
- Tiyakin na ang mga nag-organisa ay hindi gawing responsable sa “isolated unlawful conduct” (mangilang pagkilos ng di alinsunod sa batas) ng iba at hindi maging responsable para panatilihin ang kaayusan ng publiko. Kung, sa mga pambihirang kalagayan, ang mga tagapag-organisa ay may kaalaman o risonableng nakitaan ng maaring napigilan na malubhang pinsala, sila ay magiging responsable at dapat itong makulong sa mga kaso kung saan may maipapakitang ebidensiya.
- Tiyakin na ang pag-access sa internet at mobile telecommunications ay nananatili sa lahat ng oras at ang anumang teknolohiyang komunikasyon kasama ang social media ay hindi maharang, mapigilan o magambala.
- Tiyakin ang proteksyon ng mga kalahok sa mapayapang pagpupulong mula sa mga indibidwal o grupo ng mga indibidwal, kabilang ang “agents provocateurs” at mga kontra-demonstrador na naglalayong guluhin o paghiwa-hiwalayin ang mga nasabing nagpupulong, kabilang ang kung saan ang mga aktor ay ahente ng Estado.
- Sa kabuuan, ipagbawal ang paggamit ng puwersa ng parehong mga opisyal ng seguridad ng Estado at ng pribado sa panahon ng mga pampublikong pagpupulong. Kung saan, bukod dito, ang paggamit ng puwersa ay maaaring gamitin lamang dahil sa seguridad, kinakailangang ito ay proporsyonal at kung ito na lamang ang huling paraan. Ang sinasadyang paggamit ng nakamamatay na puwersa ay palaging labag sa batas maliban kung mahigpit na hindi maiiwasang gamitin ito upang maprotektahan ang buhay ng iba.

Kalayaan ng Pagpapahayag at Impormasyon

- Igalang at protektahan sa batas at isagawa ang karapatan sa kalayaan ng pagpapahayag na isinagawa sa konteksto ng mga asosasyon o pagpulong. Kasama dito, ngunit hindi limitado sa, “online” at “offline” ang pagpapahayag ng pag-aalala ng publiko, interes ng publiko at pagpintas sa mga opisyal ng estado o estado.
- Mga paghihigpit sa kalayaan sa pagpapahayag ay mahigpit dapat na sumunod sa batas at pamantayang internasyonal, kabilang ang mga prinsipyo ng legalidad, pagiging lehitimo, pangangailangan at proporsyonalidad. Ang mga paghihigpit ay pinahihintulutan para sa pagpapahayag o pagsasalita na merong adbokasiya ng poot na nag-uudyok sa diskriminasyon, poot o karahasan.
- Tiyakin na ang pagpapahayag “online” ng mga asosasyon at mga indibidwal ay protektado laban sa mga pang-aabuso ng mga nagnenegosyo, kabilang ang mga banta ng mga demanda at paglilitis sa hukom na may hangarin na pagganti, pananakot o panggugulo ng mga taong may pananaw upang sila ay mabigo sa kanilang paggamit ng kanilang mga karapatang pumuna o kung hindi man mag komento.

- Iwasan ang paghihigpit sa pagpapalaganap at pag-access ng impormasyon na ang layunin ay gamitin ang mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon at mapayapang pagpupulong at karapatan pang pribado, pakikilahok sa pulitika at sa trabaho.

Karapatan sa Pakikilahok sa Pampulitika

- Lumikha at panatilihin ang isang ligtas at nakapag pampaganang kapaligiran na nagpapadali sa paggamit ng karapatang lumahok, sa isang "non-discriminatory basis", sa pangangasiwa ng mga civic, sa pampubliko at pampulitikang gawain.
- Tiyakin na ang mga indibidwal at kolektibong karapatan ay maisumite sa mga pangangatawan ng gobyerno at ahensya at mga organisasyon na may kinalaman sa pagpuna sa pampublikong kapakanan at mga panukala para sa pagpapabuti ng kanilang tungkulin at upang mapansin ang anumang aspeto ng kanilang trabaho na maaaring makapigil o makahadlang sa pagsulong, proteksyon at pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao at pangunahing kalayaan.
- Isali ang mga asosasyon para proteksyunan at itaguyod ang mga karapatan ng mga manggagawa at mga "trade union" nang ayon sa mga priyoridad, paggawa ng desisyon, pagpapalano, pagpapatupad at pagsusuri ng mga estratehiya upang maisulong ang patas, makatarungan at pantay-pantay na tungkulin, katulad ng sa "national employment strategies" (pambansang estratehiya sa pagtatrabaho o paghahanapbuhay).
- Gawin ang lahat na hakbang na naaangkop sa batas at sanaying maalis ang mga hadlang sa pantay na pakikilahok at tiyakin na ang lahat ng mga manggagawa sa lahat ng mga setting, lalo na ang mga kabilang sa mga "marginalized" at / o "underrepresented groups" (kulang sa kinakatawan na mga grupo), ay magawang makabuluhang lumahok sa mga asosasyon, kabilang ang mga "trade union" (unyon sa kalakalan) upang maitaguyod at maprotektahan ang kanilang interes.
- Palakasin ang "right holders" (humahawak ng karapatan), lalo na ang mga kabilang sa mga "marginalized" at / o sa mga kulang ang kinatawan na mga grupo, upang makabuluhan at epektibong makilahok sa mga pampublikong gawain, kabilang ang sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga programa sa edukasyon ng civic at mga inisyatibo upang hamunin ang mga diskriminasyong saloobin at nakasanayan.

Karapatan sa Trabaho

- Gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang karapatang magtrabaho sa pamamagitan ng pagtiyak katanggap-tanggap at de kalidad ang trabaho, kinabibilangan nito ng karapatan ng manggagawa sa makatarungan at kanais-nais na mga kondisyon sa trabaho, lalo na sa ligtas na mga kondisyon sa pagtatrabaho, at ang karapatang bumuo ng mga "trade union" at ang karapatang na malayang pumili at tumanggap ng trabaho.
- Bumuo at ipatupad ang isang "national employment strategy" na ganap na nirerespeto ang mga prinsipyo ng pananagutan, paglilinaw, at pakikilahok ng mga asosasyon para sa proteksyon at pagsulong ng mga karapatan ng mga manggagawa at samahan ng mga manggagawa, kabilang ang mga "trade union".
- Isama sa "national employment strategy" (pambansang stratehiya sa pagtatrabaho) ang mga paraan para matanggal sa batas ang diskriminasyon at hindi patas na pagtrato sa pag-access at pagtamasa sa trabaho at iba pang mga karapatan para ng lahat ng tao.
- Isulong at panatilihin ang mga mekanismo upang masubaybayan ang pag-unlad tungo sa pagsasakatuparan ng karapatan sa disentang trabaho, alamin ang mga kadahilanan at paghihirap na pumipigil upang maisakatuparan ang mga obligasyon ukol sa karapatang pantao, at upang mapadali ang pagpapatibay sa "preventive"(pamuksa) at "corrective legislative"(pagtamang mga pambatasan), administratibo at iba pang kinakailangang mga hakbang.
- Igalang, protektahan at padaliin ang mga aktibidad ng mga "trade union", mga samahan ng mga manggagawa at iba pang mga miyembro ng lipunang sibil na tumutulong sa mga "disadvantage" (dehado) at "marginalized" na mga indibidwal at grupo na mapagtanto at maipagtanggol ang kanilang karapatan sa disentang/o maayos na trabaho at matiyak na sila ay makakilos ng walang takot sa paghihiganti o intimidasyon.

- Lingapin ang mga komprehensibong polisiya na naghihiyakat sa pagkakaloob ng kinakailangang suporta sa mga serbisyong panlipunan upang paganahin ang mga tagapag-alaga na pagsamahin ang mga obligasyon ng pamilya sa mga responsibilidad sa trabaho at ang pakikilahok sa mga asosasyon at buhay ng publiko, lalo na sa pamamagitan ng "subsidized" na abot-kayang "day care" at pagsulong ng pantay na pagbabahagi ng responsibilidad sa pamilya.

Kalimitan

- Alisin ang mga paghihigpit sa mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon, mapayapang pagpupulong, opinyon, pagpapahayag at impormasyon at mga karapatan sa pagka pribado, pakikilahok sa pulitika at trabaho (sama-sama, "ang karapatan sa kalayaan ng asosasyon at iba pang pangunahing mga kalayaan"), maliban kung sila ay ipinataw alinsunod sa batas, at kinakailangan at proporsyonal sa naturang lehitimong layunin tulad ng pambansang seguridad, kaayusan ng publiko at kalusugan ng publiko o proteksyon ng mga karapatan ng iba. Tiyakin na ang mga limitasyon ay klaro at maayos na nailahad upang maiwasan ang pang-aabuso ng mga awtoridad.
- Tiyakin na ang mga bagong legal na hakbang na ipinataw sa panahong ipinahayag ang "state of emergency", tulad ng sa panahon ng emergency sa pampublikong kalusugan, na igalang ang karapatan sa kalayaan ng samahan at iba pang mga pangunahing kalayaan at hindi gamitin bilang isang dahilan para sa paglabag sa mga karapatang pantao. Ang anumang mga makakapanira sa mga karapatan sa panahon ng "state of emergency" ay dapat na walang diskriminasyon at mahigpit na nararapat lamang ito upang matugunan ang isang tiyak na banta sa buhay sa nasyon, bilang pagsunod sa batas internasyonal ng karapatang pantao at ang Prinsipyo ng Siracusa.
- Gawin ang lahat ng kinakailangang hakbang upang tiyaking protektado ng mga karampatang awtoridad ng lahat, indibidwal at ang mga may pakikipag-ugnayan sa iba, laban sa anumang karahasan, banta, paghihiganti, *de facto (tama o mali ayon sa nakasanayan)* o *de jure (ayon sa batas)* salungat sa diskriminasyon, pagpipilit o anumang iba pang di-makatwirang pagkilos bilang bunga ng kanilang lehitimong pagsasagawa ng karapatan sa kalayaan ng asosasyon at iba pang pangunahing kalayaan.
- Ipagbawal, lalo na, ang paghihiganti, pagbabanta at kilos ng intimidasyon pisikal man at sa "online spaces" laban sa mga gumagamit ng kanilang karapatan sa kalayaan sa asosasyon at iba pang pangunahing mga kalayaan. Kabilang dito ngunit hindi limitado ang paglabag sa batas na pagsubaybay, hindi wastong paggamit ng mga paglilitis hudisyal, pag-harass, pananakot, paglabag sa pagka pribado at iba pang mga paraan ng mga paghihigpit.
- Lumikha at panatilihin ang isang nakapagpapaganang kapaligiran para sa masayang maisangkatuparan ang karapatan sa kalayaan ng samahan at iba pang pangunahing kalayaan ng lahat ng mga manggagawa sa lahat ng mga setting at sa pagsasaalang-alang na ito ay gumawa ng mga positibong hakbang upang matiyak na ang bawat isa ay may pantay na pagkakataon o oportunidad upang magamit ang mga karapatang ito, alinsunod sa karapatan sa walang diskriminasyon. Kasama dito ang pagsasama-sama sa pananaw sa kasarian at karapatang pantao sa batas na isusulong sa legislasyon at iba pang mga inisyatibo ng gobyerno.
- Tanggalin ang mga hadlang na pumipigil sa mga "disadvantaged at marginalized" na manggagawa sa lahat ng mga "setting" sa paggamit ng karapatan sa kalayaan sa asosasyon at iba pang pangunahing kalayaan, kabilang ang pag-alis ng mga pisikal, pang-ekonomiya, ligal, pangkultura at pampulitikang hadlangin.
- Tiyakin na ang anumang mga paghihigpit o mga limitasyon sa karapatan sa kalayaan sa asosasyon at iba pang mga pangunahing kalayaan ay napasailalim sa pangangasiwa at pagsusuri ng hudikatura, at ang mga apektadong tao ay dapat magkaroon ng patas na karapatan, kalayaan at epektibong paglilitis upang hamunin ang legalidad ng mga hakbang na ito at / o ang kanilang pagkakatuugma sa pambansa o sa internasyonal na batas.

- Tiyakin na ang isang epektibong lunas at kabayaran para sa paglabag sa karapatan sa kalayaan ng samahan at iba pang pangunahing kalayaan ay nariyan bilang isang karapatan at naa-access ng lahat na nakapagbibigay ng malakas na ligal na mga balangkas, mapagkukunan, impormasyon, pagsasanay at edukasyon, at serbisyo sa kapakanang panlipunan. Kasama dito ang pagtaguyod ng mga dalubhasang korte sa mga "labour disputes" (hindi pagkakaunawaan sa trabaho) upang matiyak ang pag-access sa hustisya, at iba pang mga alternatibong mekanismo sa paglutas ng pagtatalo gaya ng pamamagitan, pagkakasundo at mga katawan ng arbitrasyon nang hindi lumilikha ng karagdagang mga hadlang sa karapatang ma-access ang isang epektibong lunas ng "judicial nature"
- Tiyakin sa batas at sanayin na ang mga nagnenegosyo ay sumusunod sa pambansa at internasyonal na mga pamantayan sa karapatang pantao at pamantayan sa karapatan sa kalayaan sa asosasyon at iba pang pangunahing kalayaan.
- Isama sa mga "requirements" (spesipikasyong kinakailangan) ng "bidding companies" sa "public procurement process" na ipangako ang paggalang sa mga karapatang pantao, kabilang ang kalayaan sa asosasyon at iba pang pangunahing kalayaan, at isagawa ang nararapat na pagsisikap at pagpapatibay sa sapat na mga proseso at mekanismo na igalang ang mga karapatang alinsunod sa mga pamantayang pang-internasyonal. Ang mga "bidders" na nasa talaan ng may laganap o sistematikong pang-aabuso ng karapatan sa kalayaan sa asosasyon at iba pang pangunahing kalayaan ay maaaring hadlangan sa mga pampublikong kontrata at / o publikong suportang pampinansyal.
- Tiyakin sa pamamagitan ng ligal na pagpalakas at sapat na mapagkukunan ang karapatan sa kalayaan ng samahan at iba pang mga pangunahing kalayaan at epektibong inspeksyon sa trabaho at mga mekanismo ng pagsubaybay sa lahat ng mga teritoryo at setting, kabilang ang "export processing zones", mga espesyal na zone ng ekonomiya at digital platform (o digital na plataporma).
- Tiyakin na ang mga kasunduan sa kalakalan at pamumuhunan ay naglalaman ng mga nagbubuklod na probisyon sa paggalang at proteksyon ng karapatan sa kalayaan ng samahan at iba pang pangunahing kalayaan at ang naaangkop na mga mekanismo ay isinasama sa mga kasunduang ito para sa mga lehitimong partido na itaas ang mga hinaing para sa kakulangan sa di pagsunod dito.
- Tiyakin na ang pambansang batas ay nagrerequire ng mga nagnenegosyo sa panirahan o ang o nagpapatakbo sa loob ng teritoryo ng estado o hurisdiksyon na igalang ang mga karapatang pantao, kabilang ang kalayaan ng samahan at iba pang pangunahing kalayaan, sa kanilang lokal at pandaigdigang operasyon.
- Kilalanin na ang mga manggagawa, samahan ng manggagawa, at mga samahang sibil na sumusuporta sa mga manggagawa at samahan ng mga manggagawa ay mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na may karapatang suportahan at proteksyonan ang may kaugnayan sa kanilang mga adbokasiya para sa kanilang mga karapatan, pati na rin protektado sa ilalim ng batas sa karapatang pantao.
- Itaguyod ang hurisdiksyon ng mga "domestic court" sa mga claims ng pang-aabuso sa karapatang pantao laban sa mga nagnenegosyo, kabilang ang mga state enterprises (negosyo ng estado), at komersyal o iba pang mga partido na kung saan ang Estado ay nagpapatupad ng kontrol o impluwensya, na domiciled o nagsasagawa ng malaking aktibidad sa negosyo sa teritoryo nito, nang walang alintana kung saan ang sinasabing pang-aabuso ay nangyari.

B. Patnubay para sa Negosyo

- Igalang ang mga karapatan ng lahat ng mga manggagawa upang bumuo at sumali sa mga “trade union” at mga asosasyon ng manggagawa at makisali sa kolektibong negosasyon at iba pang kolektibong aksyon, kabilang ang karapatang mag protesta at magwelga nang walang takot sa intimidasyon o paghihiganti.
- Igalang ang mga karapatan ng lahat ng mga manggagawa sa lahat ng mga setting sa kalayaan ng samahan, at ang kalayaan ng mga organisasyon ng mga manggagawa sa pagpili ng mga kinatawan at kolektibong negosasyon, napasailalim sa prinsipyo ng walang-diskriminasyon.
- Igalang ang epektibong pagkilala sa karapatan sa kolektibong negosasyon, kasama ng pagtiyak na ang kolektibong negosasyon ay isinasagawa nang kusang-loob, malaya at may mabuting pananampalataya. Igalang ang mga kasunduan na nakuha sa pamamagitan ng kolektibong negosasyon, at iwasan ang pagbabago sa mga kondisyon ng trabaho nang walang kasunduan mula sa mga kinatawan ng mga manggagawa.
- Tiyakin na ang mga patakaran ng kumpanya, mga pamamaraan at kasanayan, kabilang ang mga nauugnay sa pagkuha ng manggagawa, promosyon at mga kondisyon sa pagtatrabaho, na hindi nagdidiskrimina ng mga indibidwal sa anumang mga batayan, kabilang sa kadahilanan ang kanilang pagiging kasapi o pananaw sa “trade union” at/o pagsali sa mga aktibidades ng “trade union” at / o mga samahan ng mga manggagawa.
- Tiyakin na ang mga “policy commitment” na igalang ang karapatan sa kalayaan ng asosasyon at iba pang mga pangunahing kalayaan ay iginagalang at nasusunod kaugnay sa karapatang pantao na gumagalang sa pandaigdigang daloy ng produkto at kasanayan sa pagbili, kabilang ang paggawa ng malinaw at pampublikong impormasyon sa daloy ng produkto sa kanilang kumpanya.
- Gamitin ang karapatang pantao ayon sa pagsisikap na makilala, maiwasan, mapagaan at matugunan ang mga paglabag sa karapatan sa kalayaan ng samahan at iba pang pangunahing kalayaan, malapit na iugnay ang mga manggagawa at kanilang mga kinatawan sa disenyo, implementasyon at pag-uulat sa publiko ng mga prosesong ito at ang mga kinalabasan.
- Bigyan ang mga manggagawa at ang kanilang mga kinatawan ng “access” sa impormasyon na kinakailangan sa paggamit ng kanilang karapatan sa kalayaan sa asosasyon at iba pang pangunahing kalayaan, katulad ng mga kinakailangan para sa makabuluhang pakikipag negosasyon.
- Gumawa ng mga hakbang upang mapagbuti ang klima sa “labour-management relations”, lalo na sa mga bansang walang sapat na balangkas na institusyonal at ligal para kilalanin ang mga “trade unions” at para sa kolektibong negosasyon. Kasama dito ang panghihikayat at pagsuporta sa magkatulad na sistema ng representasyon, na may kalayaang ihalal ang mga kinatawan ng manggagawa at sapat na mga mekanismo para sa diyalogo at karaingan.
- Tiyakin na ang karapatan sa kalayaan ng asosasyon at iba pang pangunahing mga kalayaan ay protektado at iginagalang ng kanilang mga komersyal na kasosyo, mga “supplier”, o mga “sub-contractors” sa pamamagitan “contractual requirements”, mabisang pana-panahong pag-awdit at inspeksyon, pagsuporta sa mga aktibidad sa pagsasanay at edukasyon, pagsusulong sa malakas na ligal na mga balangkas, tuloy-tuloy na mga diyalogo, “due diligence activities”(mga gawaing sinusunod) , at iba pang mga katulad na pagkilos.

C. Patnubay para sa mga “Trade Union” at “Civil Society” (Lipunang Sibil)

- Mangako sa prinsipyo na ang mga karapatan ng manggagawa ay mga karapatang pantao.
- Patuloy na pagbutihin at makipagtulungan sa mga gobyerno, kumpanya at akademya na maisaayos ang mga patakaran at mga solusyon, kabilang ang mahusay na paggamit ng teknolohiya at lokal na kaalaman, na nakakapagpadali sa paggamit ng mga karapatan sa kalayaan ng mapayapang pagpupulong at ng samahan.
- Mag-Outreach at bumuo ng adbokasiya sa mga “disenfranchised” (o natanggalan ng karapatan) na mga grupo ng manggagawa at sikapin na isama ang buong inkorporasyon ng mga naninilbihan sa bahay, migrante at impormal na manggagawa sa mga “trade union” at mga kasunduan sa kolektibong pagkakaunawaan.

- Tiyakin na ang mga prinsipyo ng walang-diskriminasyon at pagkakapantay-pantay ay itinataguyod sa pagpapatakbo at aktibidad ng mga “trade union”. Ang anumang pagkakaiba sa pagtrato ng mga tao sa loob ng mga unyon batay sa mga batayan na itinakda sa mga prinsipyo ng walang-diskriminasyon at pagkakapantay-pantay ay dapat magkaroon ng isang makatwirang hustipikasyon.
- Lingapin at ipatupad ang mga patakaran upang maiwasan at matugunan ang karahasan batay sa kasarian at “harassment” at “intersectional discrimination” (diskriminasyon sa intersectional) sa loob ng mga “trade union”.
- Gumawa ng mga positibong hakbang upang maalís ang ilang hadlang, katulad ng mga diskriminasyon o pagbubukod, pagpasintabi at / o kulang sa representasyong mga tao o grupo sa kanilang makabuluhang pakikilahok, representasyon at pamumuno sa mga unyon. Kasama sa mga pangkat na ito, ngunit hindi limitado, ang mga katutubong mamamayan, mga migranteng manggagawa, manggagawa sa impormal na sektor, mga minorya, mga taong may kapansanan, mga taong LGBTI, kababaihan at kabataan.
- Suportahan at tulungan ang mga indibidwal na manggagawa at mga kaugnay na indibidwal o organisasyon sa pagsampa ng mga hinaing o reklamo at iugnay sa mga paglilitis sa harap ng responsableng hudisyal, administratibo o mga katawan ng kumpanya.

Annex A: Kasalukuyang Konteksto at Mga Partikular na Hamon sa Timog Silangang Asya

Ang panrehiyong patnubay na ito sa kalayaan sa asosasyon sa konteksto ng pagnenegosyo at karapatang pantao ay binuo upang i-localize ang mga internasyonal na pamantayan sa karapatang pantao, na sumasalamin sa partikular na mga alalahanin ng karapatang pantao ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at palakasin ang mga komunidad na nagtataguyod ng karapatan ng manggagawa sa mga ASEAN Member States.

Ang mga bansang ASEAN ay karaniwang nabigong maipatupad ang mga pangunahing pamantayan ng internasyonal labour, lalo na ang tungkol sa kalayaan ng asosasyon. Anim sa sampung ASEAN Member States ay hindi nag-apruba sa “International Labour Organization’s Convention No. 87” (Convention ng International Labor Organization No. 87) sa “Freedom of Association and Protection of the Right to Organise” (Kalayaan ng Asosasyon at Proteksyon ng Karapatan sa Pag-organisa). Apat sa sampu ang hindi nag-apruba sa “International Labour Organization’s Convention No. 98 on Right to Organise and Collective Bargaining” (Convention ng International Labor Organization No. 98 sa Karapatan sa Pag-organisa at Kolektibong Pakikipag negosasyon). Apat sa sampu ang hindi nag-apruba sa “International Covenant on Civil and Political Rights” (Internasyonal na Tipan sa Mga Karapatang Sibil at Pampulitika) at tatlo sa sampu ay hindi nag-apruba sa “International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights” (Internasyonal na Tipan sa Pang-ekonomiya, Karapatang Panlipunan at Kultura), ang pangunahing mga instrumento ng karapatang pantao na nagpoprotekta sa mga karapatan sa kalayaan ng asosasyon, mapayapang pagpupulong, pagpapahayag at impormasyon, at ang mga karapatan sa pagkabibado, pakikilahok sa pulitika at trabaho.

Ang hindi kanais-nais na “regional legal landscape” ay *di parehong* nakakaapekto sa mga tao mula sa ilang mga “marginalized” at “disadvantaged” na mga grupo. Ang mga migranteng manggagawa at kanilang pamilya ay partikular na nasa alanganing sitwasyon sa pagtatrabaho sa loob ng rehiyon, ngunit ang mga batas ng ASEAN Member States ay hindi gaanong pinoprotektahan ang mga karapatan ng mga migranteng manggagawa at ang kanilang pamilya at pinaghihigpitan pa ng kanilang mga karapatan sa pag-organisa at proteksyon sa lipunan. Ito ay sa kabila ng adaptasyon ng ASEAN “Declaration on the Protection and Promotion of the Right of Migrant Workers” (Deklarasyon sa Proteksyon at Promosyon ng mga Karapatan ng Migrant Workers) noong 2007.

Bilang karagdagan, ang mga manggagawang kababaihan ay nag-navigate sa mga kahila-hilakbot na lugar ng kanilang trabaho kung saan maraming insidente ng karahasan na batay sa kasarian. Ang mga manggagawa sa impormal na sektor ay nahaharap din sa mga hamon sa pag-access sa hustisya at may mas kaunting mga pagkakataon upang magtipon, bumuo o sumali sa mga unyon, o makipagkasundo para sa mas mataas na sahod o mas mahusay na mga kondisyon sa trabaho. Ito ay sa kadahilanang sila ay nasa labas ng balangkas ng batas na pumoprotekta sa mga manggagawa. Ang mga manggagawa na LGBTI sa rehiyon ay nahaharap din sa mga hadlang sa pagsasagawa ng kanilang mga karapatan, lalo na at napalaganap ng

diskriminasyon at ang kawalan ng batas na kumontra sa diskriminasyon para sa magkakaibang oryentasyong sekswal at / o pagkakakilanlan ng kasarian. Katulad nito, ang mga manggagawa na may kapansanan ay maaring maharap sa mga paghihirap na igiit ang kanilang mga karapatan dala ng estigma sa lipunan, at ang kawalan ng “access” sa mga risonableng tirahan, kabilang ang sapat na imprastruktura at impormasyon.

Bilang pangwakas, ang mga espesyal na balangkas ng pamumuhunan, mga espesyal na sona ng ekonomiya at iba pang mga inisyatibo na pinamunuan ng pamahalaan sa rehiyon ay madalas na ginagamit upang bigyang-katwiran ang pagbaba ng mga pamantayan sa karapatang pantao, o pagpataw ng mga bagong paghihigpit na naglilimita sa mga karapatan ng mga manggagawa sa kalayaan ng asosasyon, mapayapang pagpupulong, pagpapahayag at impormasyon, at ang mga karapatan sa pagka pribado, pakikilahok sa pulitika at trabaho.

Annex B: Estado ng pagpapatibay at pagpayag ng Internasyonal na pamantayan ng Manggagawa sa Timog Silangan ng Asya

	ILO C087	ILO C098	ICCPR	ICESCR
Brunei	N/A	N/A	N/A	N/A
Cambodia	1999	1999	1992	1992
Indonesia	1998	1957	2006	2006
Laos	N/A	N/A	2009	2007
Malaysia	N/A	1961	N/A	N/A
Myanmar	1955	N/A	N/A	2017
Philippines	1953	1953	1986	1974
Singapore	N/A	1965	N/A	N/A
Thailand	N/A	N/A	1996	1999
Vietnam	N/A	2019	1982	1982
Total ratified or acceded: Kabuuang pinagtibay o pinayagan	4	6	6	7

Commission Members

March 2021 (for an updated list, please visit www.icj.org/commission)

President:

Prof. Robert Goldman, United States

Vice-Presidents:

Prof. Carlos Ayala, Venezuela

Justice Radmila Dragicevic-Dicic, Serbia

Executive Committee:

Justice Sir Nicolas Bratza, UK

Dame Silvia Cartwright, New Zealand

(Chair) Ms Roberta Clarke, Barbados-Canada

Mr. Shawan Jabarin, Palestine

Ms Hina Jilani, Pakistan

Justice Sanji Monageng, Botswana

Mr Belisário dos Santos Júnior, Brazil

Other Commission Members:

Professor Kyong-Wahn Ahn, Republic of Korea

Justice Chinara Aidarbekova, Kyrgyzstan

Justice Adolfo Azcuna, Philippines

Ms Hadeel Abdel Aziz, Jordan

Mr Reed Brody, United States

Justice Azhar Cachalia, South Africa

Prof. Miguel Carbonell, Mexico

Justice Moses Chinhengo, Zimbabwe

Prof. Sarah Cleveland, United States

Justice Martine Comte, France

Mr Marzen Darwish, Syria

Mr Gamal Eid, Egypt

Mr Roberto Garretón, Chile

Ms Nahla Haidar El Addal, Lebanon

Prof. Michelo Hansungule, Zambia

Ms Gulnora Ishankanova, Uzbekistan

Ms Imrana Jalal, Fiji

Justice Kalthoum Kennou, Tunisia

Ms Jamesina Essie L. King, Sierra Leone

Prof. César Landa, Peru

Justice Ketil Lund, Norway

Justice Qinisile Mabuza, Swaziland

Justice José Antonio Martín Pallín, Spain

Prof. Juan Méndez, Argentina

Justice Charles Mkandawire, Malawi

Justice Yvonne Mokgoro, South Africa

Justice Tamara Morschakova, Russia

Justice Willy Mutunga, Kenya

Justice Egbert Myjer, Netherlands

Justice John Lawrence O'Meally, Australia

Ms Mikiko Otani, Japan

Justice Fatsah Ouguergouz, Algeria

Dr Jarna Petman, Finland

Prof. Mónica Pinto, Argentina

Prof. Victor Rodriguez Rescia, Costa Rica

Mr Alejandro Salinas Rivera, Chile

Mr Michael Sfard, Israel

Prof. Marco Sassoli, Italy-Switzerland

Justice Ajit Prakash Shah, India

Justice Kalyan Shrestha, Nepal

Ms Ambiga Sreenevasan, Malaysia

Justice Marwan Tashani, Libya

Mr Wilder Tayler, Uruguay

Justice Philippe Texier, France

Justice Lillian Tibatemwa-Ekirikubinza, Uganda

Justice Stefan Trechsel, Switzerland

Prof. Rodrigo Uprimny Yepes, Colombia

